ATIN

Ex Battalion

Panty Droppaz League
This is a Curse Box Production

Atin ang gabing ito, ohh
Atin ang gabing ito, ohh

J.E!
Kasi nakakamiss at nakakasabik
Kung iisipin mo nasayang kung 'di sulit saglit
Sayang ang punta 'pag hindi ngiti sa labi bitbit
Ang pintig ng puso ko para sa'yo ay tindig
Kahit magkagulo, walang iwanan
Hanggang sa magwakas ang mga kwento niyo
Mamaya na ang palaging bigas 'pag may tumatayo
Habang nagmamahal ang sintas ng mga sapatos niyo
Baka bukas busy na kayo tara na ating sulitin 'to
Ang lupit kasi ng bawat kulitan at biro
Talaga namang gustong mapa-in kahit sino
Sa bahay mo pinaranas mong in ako dito
Pantay-pantay lahat walang boss sa inyo rito
Kaya you go back start, laging pataas ang hila
Kay Mark pina-spark niya lahat, siya ang Caguioa
So be play like Ginebra, mala- Bal David ang tira
Na nagsabi sa lahat panahon na 'to ng bagong era
Kaya... (Let's go)

Atin ang gabing ito
Atin ang gabing ito
Kulitan at tawanan at kwentuhan lang
Para sa gabing ito
Kasi atin ang gabing ito
'Di masasabi ang mangyayari bukas
Kaya atin ang gabing ito

Yah! Honcho!
Ito na muli ang gabi na magkasama uli 'yung huli
Ang muli kong naalala ay uwian
Dami-dami kong naiwan, alaala na lumipas, bukas
Walang oras, walang kupas tuloy pa rin sa paglaki
Habang nakatingin sila, hmm
Pero 'di ko na ulit babanggitin
Habang ang mga bituin ay siguradong titingin
'Di ko mabilang, oras namin sinugal
Nagawang sukli puhunan naming lyrical
Ginugulat mo kami at ginugulan ng malaking oras
Pero 'di pinapatulan
Kaya hayaan mo, pa'no ko tatapusin mamangka
Sa karagatan kasi ay mas malaking barko, mas lamang 'yon
Kaya kahit dala namin ay bangka, susugal hanggang sa dulo
Hanggang kami na bangka, yah

Atin ang gabing ito
Atin ang gabing ito
Kulitan at tawanan at kwentuhan lang
Para sa gabing ito
Kasi atin ang gabing ito
'Di masasabi ang mangyayari bukas

Kaya atin ang gabing ito

Tara't halina, sulitin ang gabi na 'to
'Wag mo nang umuwi pa
Kasi baka mabitin at tyaka aabutin pa tayo dito ng umaga
'Di na papaawat, awatin man, akin na at tagayan na 'yan
Kapag napapahiya, tatawanan ka niyan
Pero hinding-hindi ka iiwanan kahit saan
Ano man trip mo, agad ikaw ay sasabayan
Kapag may beat mo, matic 'yan na kakantahan
Kapag nag-hit talagang kakamayan
Ito ang tip namin para sa mga nag-abang
Binigay niyo sa'ming tiwala susuklian ng tama
Tama 'pag may tiyaga bibigyan ka ng gantimpala
Kaya 'di na nawala ngayon patuloy humahanga
Simula nung una hanggang dulo kayo ang kasama
Kaya...

Atin ang gabing ito
Atin ang gabing ito
Kulitan at tawanan at kwentuhan lang
Para sa gabing ito
Kasi atin ang gabing ito
'Di masasabi ang mangyayari bukas
Kaya atin ang gabing ito

Anuman ang tampo ang patunguhan
'Di pwedeng 'di magbungguan
Ang mga baso bago mag-uwian
Tsaka mag-ululan, pa'no kitang 'di man natin
Isa lang ang ating hantungan
Mapagtagumpayan at tuparin 'yung dati lang kwentuhan
Sa daming ang 'di naniwala, tinuloy mong magkakasama
Nang tayo-tayo miski na sabihang pariwara
Kaya sino-sino pang maghahati sa gantimpala
Eh 'di tayo-tayo lang walang iba
Ang haba na ng ating pinasada
Sapat na siguro 'yon na dahilan
Para kulangan ang rason na sukuan ang nasimulan
Walang perpekto kaysa bawat may isang kakulangan
Dito tayo na ang mga patlang 'yan ay mapunan
Kasi galak ko, kumpleto pwersa nating malakas
At isandaang porsyento, matatawag 'pag may isang nakalas
Alam niyo 'yon tsaka alam 'yon ng lahat
Sabay-sabay tayo na bibigkas na atin ang gabing ito

Atin ang gabing ito
Atin ang gabing ito
Kulitan at tawanan at kwentuhan lang
Para sa gabing ito
Kasi atin ang gabing ito
'Di masasabi ang mangyayari bukas
Kaya atin ang gabing ito

Dami-dami nang nangyari, puro masarap
Kasi mga kasama ko, mga gustong kaharap
And we chillin' lang sa top view, singing with the gang
'Di niyo na 'to ma-a-undo and we don't give a damn
Naging bingi sa mga hate, kinagat lang ang mga fake
Anumang risk ay tinitake, manguna man o magpa-late
'Di na hangad pagmayabang, alam na 'yan ng may alam
Kada labas aabangan kahit na solo lalo mapa-gang
May humadlang papalagan 'yung mga chic aanakan

Joke lang 'yon, tama na 'yan
Tapos na kami sa mga ululan
Bawat kumatok na tropa ay pagbubuksan, pa-ding-dong
Sama ka bagong era ExB ang malaking, ha

Atin ang gabing ito
Atin ang gabing ito
Kulitan at tawanan at kwentuhan lang
Para sa gabing ito
Kasi atin ang gabing ito
'Di masasabi ang mangyayari bukas
Kaya atin ang gabing ito

Dapat ituloy na natin habang magkasama
Kasi bukas kaniya-kaniya tayong hassle
Bagong umaga, umagahin man tayo sa kalsada
Magdamag tawanan at wala ng cancel, lahat sasama (Yes)
Biruin mo may tropa kang kasama mo palagi (Yes)
Lahat ng bagay lagi mong nakakahati (Yes)
Tinuring kong karerang 'to parang Ducati
Ang championship sa'min walang makakabawi
At sasabayan kahit pa sa buwan
Babangka kahit pa magsagwan, and'yan
Dapat 'yon ay laging as one
Ito rock make reals puro lait lang 'yan
D'yan 'di na 'ko takot o bukas may mawala pa
Masyado na 'kong bless sa lahat ng napala
'Di man kami 'yung "The goat"
Sa 'Pinas ay pinaka-
Basta sa'kin ang the best
'Pag ExB iba ka

Atin ang gabing ito
Atin ang gabing ito
Kulitan at tawanan at kwentuhan lang
Para sa gabing ito
Kasi atin ang gabing ito
'Di masasabi ang mangyayari bukas
Kaya atin ang gabing ito

Para akong hinahatak nung nangangarap kami no'n
Malayo 'to sa dati na meron kami doon
Ngunit dahil sa sipag at pagpupursigi no'n
Ngayon pati mga nagduda'y nasagot na ang tanong
Mga bata kung ituring nila'y uhugin lang dati
Maririnig ang awitin ngayon kahit sa'ng kalye
Minamaliit ang kakayahan dahil binase
Sa mga matatalim na panghuhusga na mensahe
Sino nga ba naman ang mag-aakalang mangyari
Kami lang ang nakipagsapalaran, patunayan na posible
Tila ba kuting sa pagtingin nilang katiting
Nambulaga ng bumangga sa sandamukal na pating
(ExB) 'Di pa rin sa mga hindi naniwala
(ExB) Sa walang ibang hiling kun'di kami masira
At do'n sa umpisa pa lang ay tumaya
Maraming salamat po sa suporta at tiwala

Atin ang gabing ito
Atin ang gabing ito
Kulitan at tawanan at kwentuhan lang
Para sa gabing ito
Kasi atin ang gabing ito
'Di masasabi ang mangyayari bukas

Kaya atin ang gabing ito

Ano pa bang mahihiling, wala na siguro
Kasi sulit kada segundo, ginto
Alam kong alam niyo 'yon
Kasi iisang pinto lang ang ating nilabasan
'Yung sinimulan layo na ng narating
Natupad na 'yung dating mga usapang lasing, mapansin
Balang araw 'yon ang palaging hiling
Ang bilis ng panahon hindi natin napansin
O kita niyo ngayon tayo pinaka- the best na
Daming ng biyayang dumating piling bless
'Kala mo piyesta punong-puno ng kulay at saya
Nagbunga ang lahat ng kakapuyat ng mata
Buti na lang kayo ang katuwang (Buti na lang)
Matino pa rin kahit mga buang (Bibs)
Habang tayo nasa ilalim ng buwan
Pakitaas ang mga baso dahil atin ang gabing ito

Atin ang gabing ito
Atin ang gabing ito
Kulitan at tawanan at kwentuhan lang
Para sa gabing ito
Kasi atin ang gabing ito
'Di masasabi ang mangyayari bukas
Kaya atin ang gabing ito

(King!) Kumpleto katunog ng salitang kuntento
Na aming nabatid sa sinulat naming kuwento
Lahat pantay-pantay, walang luging porsyento
Nangarap lang noon na makasama sa konsyerto
Hanggang sabihin niyo, eh ano pa bang care ko
Basta aming tagumpay lang ang gusto na i-share ko
O, pa'no ba lumakad na dapat tyumempo
Na mga kantang pasok kahit pa maging retro
'Di ko na kailangan, pamilya ang nahanap
Kasamang lumakbay at bumuo nitong pangarap
Nagtiyaga at nagtiis sa nanghahamak
Hanggang sa pangalan namin lumaganap
Pare, put your hands up high
Tumagay sa kada kampay
[?] days goes by
Kasama ko ang gang na pang ride or die

Atin ang gabing ito
Atin ang gabing ito
Kulitan at tawanan at kwentuhan lang
Para sa gabing ito
Kasi atin ang gabing ito
'Di masasabi ang mangyayari bukas
Kaya atin ang gabing ito

Salamat ng marami sa alaala
Hindi matutumbasan ang pagsasama
Lalo't kapag kumpleto ang barkada
Walang oras na hindi ka mapapatawa
Salamat musika, ikaw ang nahiligan
Ang kaibigan nang magkakaibigan
Sa oras ng lungkot merong malalapitan
Hindi mo pinahamak ni minsan, 'di mo iniwan
Kaya atin ang gabi, sulitin natin magkakatabi
Sa lamesa paki-abot ng baso mga pre
Tsaka teka 'yung yelo natin na pampalamig

Tanggalan na rin 'yung bote ng takip
I-skip mo na sa nega- bumalik tayo sa tema
Dating pintuan lang ngayon parang telenovela
'Yung dating puro mema lang
Na sana balang araw ay bumenta
Nagtaas itong bandera sa eksena

Atin ang gabing ito
Atin ang gabing ito
Kulitan at tawanan at kwentuhan lang
Para sa gabing ito
Kasi atin ang gabing ito
'Di masasabi ang mangyayari bukas
Kaya atin ang gabing ito

Hindi lang basta samahan ang meron kami dito
Kun'di pamilya na masasabi kong sulido
At heto nagbunga na ang mga konsepto sa isip
Kaya nanatiling kumpleto
Ano pa bang hahanapin?
Hindi imposibleng 'di 'to ay 'di ka matutos
Pangarap lang kami na nakatutok
Hinarap kahit ano pang pagsubok
Kaya ngayon mas lalo pa kaming nahuhubog
Malayo ng narating, mas lalong tumibay ang pundasyon
Gumawa ng kasaysayan na ang misyon
Kung ang lahat, pangarap lang noon
Manood ka na lang ngayon
Kung papa'no kami na maging kampeon
Walang makakapigil tuloy-tuloy ang sa'ming pag-angat
Hanggang sa tumaas nang tumaas
Nandito lang kami magkakasama, 'di magkakalas-kalas
Mananatili pa ding malakas

Atin ang gabing ito
Atin ang gabing ito
Kulitan at tawanan at kwentuhan lang
Para sa gabing ito
Kasi atin ang gabing ito
'Di masasabi ang mangyayari bukas
Kaya atin ang gabi na 'to

Walang kasiguraduhan ang buhay
Dapat sulitin at piliin laging maging tunay
Kahit na minsan kakaumay na
Sanayin lagi na bumangon t'wing nadadapa
Dahil mahaba pa, nilalakaran mong kalsada
'Wag kang mawalan ng gana, may kasama kayo ga-as
Dadamayan ka, you're money man ay alaws
Gagawa ng alaala, tatawanan balang araw
Sulitin natin ang gabi na parang ito ang huli
Problema ay isantabi, 'wag matakot magkamali
Raise the glass in the sky, it's a good life
Hella sick all vibe to all the good times

Atin ang gabi na 'to

Tištěno z pisnicky-akordy.cz Sponzor: www.srovnavac.cz - vyberte si pojištění online!